4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 4

Aralin

3

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 4: Aralin 3 (Linggo 4)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Ethel Ronquillo-Burgos

**Tagasuri:** Liza T. Bacierra

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

**GMRC/ KUWARTER 4 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga mabuting katangian ng lider-estudyante na makatutulong sa pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong pamimili ng lider sa paaralan batay sa mga katangian ng mabuting pamumuno bilang tanda ng karunungan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa karunungan sa pamamagitan ng pangingilatis ng mga pipiliing lider-estudyante batay sa katangian ng mabuting pamumuno.<br><br>a. Naiisa-isa ang mga mabuting katangian ng lider-estudyante na makatutulong sa pamayanan.<br>b. Naipaliliwanag na ang mga mabuting katangian ng lider-estudyante na makatutulong sa bayan ay nakapagkikintal ng wastong pananaw tungkol sa mapanagutang pamumuno at pagpili ng karapat dapat na lider.<br>c. Naisasakilos ang wastong pamimili ng lider sa paaralan batay sa mga katangian ng mabuting pamumuno. |
| **C. Nilalaman** | Mga Mabuting Katangian ng Lider-Estudyante (*Student Leader*) na Makatutulong sa Pamayanan<br>1. Kahulugan ng Lider-Estudyante<br>2. Mga Wastong Pananaw ng Pagpili ng Lider sa Paaralan Batay sa mga Katangian ng Mabuting Pamumuno<br>3. Mga Epekto o Resulta ng Lider na may Mabuting Katangian sa Pamumuno sa Pamayanan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Karunungan (*Wisdom*) |
| **E. Integrasyon** | *Transformative Leadership*<br>*Peace Leadership: Cultivating a Culture of Peace & Inclusion* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


Barns, Jennifer (February 19, 2022). 12 Qualities of a Good Student Leader. Nakuha mula sa
https://www.intelligentliving.co/12-qualities-of-a-good-student-leader/
Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing
Educational Leadership Styles (w.p.). Nakuha mula sa
https://thoughtexchange.com/blog/edu-leadership-styles/#what-are
Fulton, Jenny (February 13, 2019). 10 interesting characteristics of a student leader. Nakuha mula sa
https://www.classcraft.com/blog/characteristics-of-a-student-leader/
I Can Be A Leader (w.p.). Nakuha mula sa
https://www.twinkl.com.ph/resource/za2-t-23-what-makes-a-great-leader-activity-sheet
Leadership Styles (w.p.). Nakuha mula sa
https://www.academia.edu/32431726/Leadership_Styles
Mga Larawan ay nakuha mula sa:
https://img.freepik.com/free-vector/girl-thinking_1308-85997.jpg
https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/square-doodle-pattern-border-empty-picture-frame-vector-44578509
https://img.freepik.com/free-vector/girl-thinking_1308-85997.jpg
https://www.google.com/search?q=smiley+emoji&tbm=isch&ved=2ahUKEwih1vWr38OEAxXSrGMGHX5cACIQ2-cCegQIABAA&oq=smiley+&gs_lp=EgNpbWciB3NtaWxleSAqAggBMggQABiABBixAzIIEAAYgAQYsQMyCBAAGIAEGLEDMgUQABiABDIFEAAYgAQyBRAAGIAEMggQABiABBixAzIFEAAYgAQyBRAAGIAEMgUQABiABEi1MVDJCFjkGnAAeACQAQCYAXKgAZQaqgEFMjAuMTS4AQHIAQD4AQGKAgtnd3Mtd2l6LWltZ8ICBhAAGAgYHogGAQ&sclient=img&ei=zsHZZaG3D9LZjuMP_riBkAI&bih=953&biw=1865&rlz=1C1GCEA_enPH1042PH1042#imgrc=Kb_3MQzLXJiP3M
Student Leadership (w.p.). Nakuha mula sa
https://www.claflin.edu/academics-research/experiential-learning/student-leadership
Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House
What is the benefit of the role of student leaders on character traits and development of students? (w.p.). Nakuha mula sa
https://typeset.io/questions/what-is-the-benefit-of-the-role-of-student-leaders-on-4rbjp4rdso


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>**#TALASAPAN: Tala at Usapan Tungo sa Mabunga at Makabuluhang Ugnayan at Talakayan** | Ang **#TALASAPAN** bilang gawain sa pagbabalik-aral ay makakatulong sa mag-aaral na mas maintindihan ng malalim ang nakaraang paksa. Ito ay makakatulong sa guro na muling pag-usapan pa kung |

Balikan natin ang nakaraang aralin tungkol sa "Pagtupad ng Pamilya sa mga Alituntunin ng Pamayanan". Ating tukuyin ang mga kaalaman na iyong natutuhan sa mga alituntunin na sinusunod ng iyong pamilya sa pamayanan. Sa unang hanay, isulat ang kahulugan ng salitang nakasulat ayon sa iyong pagkakaintindi. At sa ikalawang hanay, sagutin ang mga tanong na nakapaloob dito.

| **TALA: Salita't Kahulugan** | **USAPAN: Talakayan** |
|---|---|
| Halimbawa:<br><br>Respeto – ay ang pagbibigay paggalang, halaga,at pagkilala sa dignidad at karapatan ng ibang tao. | Bakit mahalaga ang pagbibigay ng respeto ng pamilya sa mga alituntunin ng pamayanan?<br><br>Mahalaga ang pagbibigay ng respeto dahil ito ang nagbubuklod ng maayos na ugnayan sa pagitan ng mga tao sa pamayanan. |
| Pagkakaisa - ____________________<br>______________________________<br>______________________________ | Sa pagtupad ng mga alituntunin sa pamayanan, ano ang kahalagahan ng pagkakaisa?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Pagtutulungan - _________________<br>______________________________<br>______________________________ | Gaano kahalaga sa iyo at sa iyong pamilya ang pagtutulungan ng bawat miyembro ng pamayanan?<br><br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| Disiplina - ______________________ | Sa pagsunod mo at ng iyong pamilya sa mga disiplina at alituntunin ng iyong |

kinakailangan ang mga pagpapahalaga o *values* na dapat maintindihan at isabuhay ng mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________ / pamayanan, ano-anong mga mabuting katangian ang iyong natutuhan?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Pag-uugnay sa Panibagong Aralin: Bilang kasapi ng miyembro ng pamilya, makakatulong ang mga alituntunin ng pamayanan sa paghubog ng mag-aaral na magkaroon ng mabuting katangian upang ang mag-aaral ay maging mabuting pinuno o lider. | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Panghikayat na Gawain**<br><br>**Gawain: IGUHIT MO, IDOL MO!**<br><br>Gumuhit ng larawan ng isang lider na iyong kilala at tinitingala.<br><br>Ang kaniyang mga katangian ay: | **Gawain: IGUHIT MO, IDOL MO!**<br><br>Ang gawaing ito ay magiging gabay sa mag-aaral na maging handa sa mga kaalaman na kailangan sa bagong paksa. Ito ay magbibigay sa kaniya ng tamang pag-intindi sa pagkilala sa mga katangian ng isang lider.<br><br>Pagguhit ng Larawan: Hikayatin ang mag-aaral na ipaliwanag kung bakit ang iginuhit nilang larawan ay lider para sa kanila. |

1. ______________________________

2. ______________________________

3. ______________________________

4. ______________________________

5. ______________________________

**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:
1. Ano sa palagay mo ang isang lider?
2. Bakit tinawag ang isang tao na lider?

**Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawain: Katangi-tangi Ka!**

Ang mga salitang nasa loob ng kahon ay maaaring mga katangian ng isang lider. Gumuhit ng *smiley face emoticon* sa loob ng kahon kung sa palagay mo ang katangian ay mabuti at *frown face emoticon* kung hindi.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
|  | mapagkumbaba | mayabang | mapagkakatiwalaan | may pananaw o *vision* |
| | mapanakit | responsable | matakutin | mahiyain |

**Gawain: Katangi-tangi Ka!**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
|  | magalang | mandaraya | matalino | mapaghigante | masayahin |
| | masunurin | mapagmala-sakit | matulungin | mahinahon | malikhain |

**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang tanong:
Makakatulong ba sa isang lider na may mga katangian na kaaya-aya? Bakit?

Ang gawaing ito ay makakatulong sa mag-aaral na tukuyin ang mabuti at hindi mabuting katangian ng isang lider.

Maaaring dagdagan ang mga katangian na ibinigay. Hikayatin ang mag-aaral na ipaliwanag kung bakit mabuti o hindi mabuti ang mga nasabing katangian.

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 1: Kahulugan ng Lider-Estudyante**

Ang lider-estudyante ay ang pamumuno ng mag-aaral na nasa posisyon upang impluwensiyahan, magbigay inspirasyon, at gabayan ang iba tungo sa pagtatamo ng isang layunin. May iba't ibang klase ng pagiging lider:

1. Tagapangarap o *Visionary* – ang layunin ng lider ay ang pagtutok sa pagpapahayag ng mga pangarap at layunin, na naglalayong magtaguyod ng pagkilos at pagtutulungan patungo sa pag-abot ng bagong mga pangarap na iisa-isang hinahangad.

2. Tagapagturo o *Coaching* - ang lider ay nakatuon sa pagbuo ng kakayahan ng bawat indibidwal, ipinapakita sa kanila kung paano mapabuti ang kanilang pagganap, at tinutulungan silang maiugnay ang kanilang mga layunin sa mga layunin ng organisasyon.

Mga Sanggunian:
https://www.claflin.edu/academics-research/experiential-learning/student-leadership

https://www.academia.edu/32431726/Leadership_Styles

https://thoughtexchange.com/blog/edu-leadership-styles/#what-are

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
3. Kaakibat o Affiliative – ang lider ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagtutulungan at nagtataguyod ng harmonya o pagkakasundo sa isang grupo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng koneksyon sa isa't isa.<br><br>
4. Demokratiko – ang lider na ito ay nagbibigay-diin sa partisipasyon at pagtutulungan sa loob ng grupo.<br><br>
5. Tagapagtakda ng Takbo o Pacesetting – ang lider ay nagtatakda ng mataas na pamantayan para sa pagganap at inaasahan ang kanilang mga kasapi na tugunan ang mga ito.<br><br>
6. Komandante o Commanding – ang lider ay nagtataguyod ng pagsunod sa kaniyang mga utos at direktiba. Ito ay isang klasikong modelo ng pamumuno na kadalasang nakikita sa larangan ng militar.<br><br>
7. Tagasuporta o Supportive – ang lider ay madaling lapitan at may empatiya. Ipinaaabot niya ang kaniyang pag-aalala at trinatrato niya ang bawat isa ng may dignidad at respeto.<br><br>
8. Pagbabago o Transformational – ang lider na may transpormasyonal na istilo ay nagtataglay ng kakayahan na baguhin ang kanyang grupo o organisasyon sa pamamagitan ng inspirasyon, pangitain, at kahusayan sa komunikasyon.<br><br>
Gawain: KUNG AKO ANG LIDER…<br><br>
<br><br>
Sagutin ang sumusunod na mga tanong batay sa mga sitwasyong ibinigay.
</td>
<td>
Gawain: KUNG AKO ANG LIDER…<br>
Ang gawaing ito ay makakatulong na hikayatin ang mga mag-aaral na maabot at malinang ang kanilang potensyal bilang mga lider. Sa pamamagitan ng mga sitwasyong ibinigay, masusuri nila ang pagiging kritikal sa mga katangian na dapat taglayin ng isang lider.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Ang inyong klase ay inatasan na pumunta at tumulong sa isang *community outreach* para maglinis ng dalampasigan. Paano mo hihikayatin ang iyong mga kaklase na sumama sa gawain?<br><br>Kung ako ang lider, ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>2. Ang inyong klase ay magsisimula ng alas otso ng umaga ngunit wala pa ang inyong guro. Ang klase ay sobrang maingay, tila ba walang katapusang tawanan at kuwentuhan sa loob ng silid-aralan.<br><br>Kung ako ang lider, ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>3. Sa inyong klase, tila ayaw makilahok ng isang kasamahan sa inyong grupo dahil sa kanyang mahiyain na personalidad at kawalan ng kumpiyansa. Paano mo siya mahihikayat na gampanan ang kanyang bahagi?<br><br>Kung ako ang lider, ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**<br><br>Sagutin ang sumusunod na tanong:<br>1. Kung ikaw ay magiging lider, anong klase ng lider ka kaya?<br>2. Bakit mahalaga na malaman natin ang klase o uri ng ating pagiging lider?<br><br>**IKATLONG ARAW** | Posibleng sagot:<br>1. Kung ako ang lider, hihikayatin ko silang lahat na sumama at makiisa sa proyektong ito. Sasabihin ko sa kanila na hindi lamang natin mapapanatili ang kalinisan ng ating kalikasan, kundi maaari rin nating maramdaman ang kasiyahan sa pagtulong sa iba. Bilang mga mabuti at responsableng katiwala ng mga yaman na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, dapat na tayo ay magkaisa para maitataguyod natin ang malinis at maayos na kapaligiran. Ito rin naman ay para sa atin at sa ating kinabukasan.<br><br>Mahalagang **Integrasyon**: Ang halimbawang ito ay maaaring maikonekta sa istilo ng pagiging leader na *transformational* o may pananaw sa pagbabago – na ang pagiging lider ay may kaakibat na impluwensya na sa pamamagitan ng kaniyang boses at aksyon, maaari itong maging daan o instrumento sa pagbabago. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Kaugnay na Paksa 2: Mga Wastong Pananaw ng Pagpili ng Lider sa Paaralan Batay sa mga Katangian ng Mabuting Pamumuno<br><br>
Ang wastong pananaw sa pagpili ng lider sa paaralan ay nagiging pundasyon ng maayos at epektibong pamumuno na may positibong epekto sa buong komunidad ng paaralan. Mas malaki ang posibilidad na magkaroon nang mabuting halimbawa ang mga mag-aaral na maaaring sundan. Bakit kaya?<br><br>
Ang mabuting lider ay:<br>
✓ Nagbubuo nang positibong kultura sa paaralan.<br>
✓ Nagbibigay nang pag-asa at inspirasyon para sa mas mataas na tagumpay sa edukasyon.<br>
✓ Maaaring magsilbing tulay sa pagbuo ng masiglang komunidad sa paaralan.<br>
✓ Huwaran o halimbawa sa lahat na gumawa ng kabutihan.<br>
✓ Nagbibigay inspirasyon ng positibong pagtingin sa iba dahil sa kanilang taglay na kumpiyansa.<br>
✓ Nagiging instrumento sa pagbabago<br>
✓ Nagnanais ng pinakamabuti para sa iba at handang gumawa ng higit pa para paglingkuran ang mga nangangailangan. Sa isang silid-aralan, ito ay masusing nakikita sa pamamagitan ng mga kilos ng kabutihan. Halimbawa, mayroong nang-aapi, sa halip na manatiling walang imik, ang isang lider na mag-aaral ay malamang na tutugon at ititigil ito.<br>
✓ Malumanay at payapa (peace-loving) ang ugali at ang pagkilos ay hindi nagdadala ng dahas o panganib (non-violence).<br>
✓ May pantay na pakikitungo sa lahat - marunong magtaguyod ng ligtas at patas na kapaligiran laban sa iba't ibang uri ng diskriminasyon (diskriminasyon sa kasarian, estado sa buhay, edad, lahi, relihiyon, kapansanan, wika, at iba pa).<br><br>
Gawain: #DULA-DULAAN. Talino at Talento Ibinigay na Produkto ng Pagkatuto<br><br>
1. Pangkatin ng tatlo ang klase. Ipaunawa sa bawat pangkat ang paksa o aralin na nais ipakita sa gagawing produksyon.

</td>
<td>

Mga Sanggunian:<br>
https://www.classcraft.com/blog/characteristics-of-a-student-leader/<br><br>
https://thoughtexchange.com/blog/edu-leadership-styles/#what-are<br><br>
Gawain: #DULA-DULAAN<br>
Ang gawain na ito ay puwedeng gamitin bilang performance task ng aralin na ito. Mahalaga ang gawaing ito sa pagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral na maunawaan ang kritikal at

</td>
</tr>
</table>

Unang Pangkat: Si Maria ay palaging nakatatanggap ng pang-iinsulto dahil sa kulay ng kaniyang balat. Bilang isang lider sa klase, ano ang gagawin mo?

Ikalawang Pangkat: May isang grupo sa inyong klase na palaging nangungutya o nambubu-bully sa iyong kaklase. Bilang isang lider sa klase, ano ang gagawin mo?

Ikatlong Pangkat: Ikaw ang inatasang lider sa inyong grupo ngunit ang mga kasapi mo ay may iba't ibang pananaw at personalidad. Ang hindi pagkakasundo o hidwaan sa inyong grupo ay maaaring maging hamon sa inyong pagtutulungan. Bilang isang lider sa klase, ano ang gagawin mo?

2. Bigyang pagkakataon ang bawat pangkat na bumuo ng iskrip at kabisaduhin ang mga ito sa aktuwal na pagtatanghal.

3. Ipaliwanag ang rubrik o batayan na hinihingi ng pamantayan upang pagbutihin ang gawain.

Rubrik

| **Pamantayan** | **Artistahing Tunay!**<br>**8-10** | **Artista na Yan!**<br>**5-7** | **Nag-iinarte Lang!**<br>**1-4** | **Puntos** |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN**<br>Nakabuo ng komprehensibo at malamang iskrip dahilan upang mapalutang ang mensahe ng pagtatanghal. | | | | |
| **PRESENTASYON** | | | | |

mahalagang papel ng isang lider sa paaralan. Mahalaga ang pagproproseso *(valuing process)* ng bawat natutuhang pagpapahalaga o *values* ng bawat pangkat.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Mabisang pagtatanghal upang maipahayag ang mensahe. | | | | |
| **PAGKAKAISA**<br>Episyenteng napamahalaan ang buong produksyon dahil sa pagtutulungan ng bawat kasapi. | | | | |
| **KABUOAN** | | | | |

**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:
1. Ano ang iyong papel na ginampanan sa inyong pangkat? Ipaliwanag.
2. Ano ang iyong natutuhan sa gawain na ito? May nabago ba sa iyong pananaw? Ano-ano ang mga ito?

**Kaugnay na Paksa 3: Mga Epekto o Resulta ng Lider na may Mabuting Katangian sa Pamumuno sa Pamayanan**

Ang isang estudyanteng lider na may mabuting katangian sa pamumuno sa pamayanan ay maaaring magdulot ng maraming positibong epekto o resulta. Narito ang ilan sa mga posibleng epekto ng isang estudyanteng lider na may mabuting katangian:

**1. Huwaran ng Magandang Asal o *Positive Values***
Ang mga lider na mag-aaral ay may malaking impluwensya sa paghubog ng mga asal at pag-unlad ng pamayanan. Ipinapakita ng kanilang pagiging ehemplo ang tamang

Mga Sanggunian:
https://typeset.io/questions/what-is-the-benefit-of-the-role-of-student-leaders-on-4rbjp4rdso


https://www.classcraft.com/blog/characteristics-of-a-student-leader/

| | | |
|---|---|---|
| | pamumuno at nagbibigay daan sa iba't ibang oportunidad para sa pag-unlad. Sa pamamagitan ng kanilang mga gawain at inisyatiba, nakakatulong sila sa pagpapalaganap ng positibong kultura sa pamayanan at nagiging inspirasyon sa kanilang mga kasamahan na magtaguyod ng kabutihan at pagbabago.<br><br>**2. Paghahanda sa Kasanayang Mamuno sa Hinaharap**<br>Sa pamumuno ng mag-aaral, nakakamtan ng mga indibidwal ang pag-unlad sa kanilang personal na aspekto, pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili, at mataas na pagpapahalaga sa sarili. Ang ganitong uri ng liderato ay hindi lamang nagbubunga ng positibong epekto sa mga mag-aaral kundi maaari rin magdulot ng masiglang ambag sa pambansang kaunlaran at kagalingan. Ang mga lider ng mag-aaral ay nagiging modelo ng integridad at kahusayan, nagtataguyod ng mataas na uri ng liderato na may layuning mapalawak ang kakayahan at kasanayan ng mga kabataan para sa hinaharap.<br><br>**3. Pagpapalaganap ng Kooperasyon at Pagkakaisa**<br>Ang lider na may mabuting katangian ay maaaring maging instrumento sa pagtataguyod ng samahan at kooperasyon sa gitna ng mga mag-aaral. Ito'y nagbibigay inspirasyon para sa pagkakaisa at pagkakabuklod ng mga puwersa tungo sa pag-abot ng mga kolektibong layunin.<br><br>**4. Pagpapalaganap ng Adhikain:**<br>Ang pamumuno ng mga lider ng mag-aaral ay maaaring magsilbing daan para sa mas malawakang pag-unlad at pagpapalaganap ng adhikain ng proyekto. Sila ay nagiging tagapagtaguyod ng layunin at layunin ng proyekto sa buong pamayanan.<br><br>**Gawain: #WERPAPOL NA PIPOL. Makapangyarihan na Mamamayan, Inspirasyon ang Hatid sa Lahat**<br><br>Magsaliksik ng isang tao o personalidad na may mabuting katangian o magaling na lider sa isang disiplina o larangan. Sa iyong pananaliksik, alamin ang kaniyang ambag at impluwensiya na nagawa sa pamayanan o sa lugar na kaniyang kinabibilangan. Samakatuwid, sasagutin mo ang tanong, “Bakit siya naging werpapol o *powerful*?”<br><br>Gabay sa pagbibigay ng impormasyon: | **Gawain: #WERPAPOL NA PIPOL** *(o powerful na people)*<br>Ang gawain na ito ay naglalayong bigyan ang mag-aaral ng masusing pang-unawa sa papel ng isang lider, hindi lamang sa loob ng paaralan kundi pati na rin sa buong pamayanan at maging sa mga iba't ibang lugar na maaaring kaniyang mapuntahan.<br><br>Maaaring maghanap ng impormasyon ang mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pangalan:**<br>**Larangan:** | ______________<br>______________ |
| | **Edukasyonal na Kaligiran:** | ______________<br>______________ |
| | **Organisasyong Kinabibilangan:** | ______________<br>______________ |
| | **Gawain at Tungkulin:** | ______________<br>______________ |
| | **Ambag:** | ______________<br>______________ |
| | **Pagkilalang Natanggap:** | ______________<br>______________ |
| | | ______________ |

para sa kaniyang pananaliksik sa internet, aklat, magasin, at iba pang mapagkukunan.

| | | |
|---|---|---|
| | <table><tr><td>**Palatandaan ng Kapangyarihan ng Kaniyang Pagiging Magaling na Lider:**</td><td>__________________________________</td></tr></table><br><br>**#SURINAWA: Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**<br><br>Sagutin ang sumusunod na tanong:<br>1. Ano ang mahalagang natutuhan mo sa gawaing ito? Ipaliwanag.<br>2. Sa bahaging ito, maaari mo bang ibahagi kung paano mo makakamit ang tamang pananaw sa pagpili ng isang mabuting lider? Ano ang mga pangunahing prinsipyo o kriterya na iyong gagamitin upang masiguro na ang iyong pagpili ay may sapat na batayan at nararapat sa pangangailangan ng iyong grupo o komunidad? | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: #DYORNAL. Ibahagi ang Detalye ng Sarili at Saysay ng Pangyayari**<br><br>Sumulat ng personal na reaksyon, opinion, tanong, o suhestiyon sa pinag-aralang paksa. Maaaring gumawa ng gabay sa pagsusulat ng dyornal, halimbawa:<br><br>Unang talata – Maikling buod ng iyong natutuhan mula sa aralin.<br>Ikalawang talata – Batay sa iyong mga natutuhan, paano ito nakakaapekto sa iyong pag-iisip, damdamin, o pananaw bilang isang mag-aaral?<br>Ikatlong talata – Mga tanong, konseptong hindi nauunawaan, at hamon sa paksang ito.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain: SURI-SARILI.** Batay sa paksang pinag-aralan, suriin ang iyong pananaw kung paano ka pipili ng isang mabuting lider. Sagutin ang tanong na "Ang pipiliin kong Lider ay..." sa loob ng mga larawang alapaap. | **Gawain: #DYORNAL**<br>Maaaring pumili ng 3 o 4 na dyornal at basahin ito sa klase. Iproseso pagkatapos.<br><br>**Gawain: SURI-SARILI**<br>Sa gawaing ito mailalapat ng mag-aaral ang kaniyang natutuhan kung paano pumili ng wastong lider batay sa mga |

| | | |
|---|---|---|
| |  | katangian ng isang mabuting lider. Iproseso ang kanilang mga sagot. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**A. Enumerasyon**. Magbigay ng limang mabuting katangian ng isang lider-estudyante.<br>1. ____________________<br>2. ____________________<br>3. ____________________<br>4. ____________________<br>5. ____________________ | A. Posibleng Sagot:<br>1. matalino<br>2. mahinahon<br>3. magandang inspirasyon<br>4. *visionary* o may pangarap<br>5. may pantay na pakikitungo sa lahat |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


**B. Tama O Mali**. Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 puntos bawat tanong).

1. [T/M] Ang isang lider na mag-aaral ay may malaking impluwensya sa paghubog ng mga asal at pag-unlad.
2. [T/M] Ang mahusay na lider ay magaling mag-utos at ang kanyang tinig lamang ang nasusunod.
3. [T/M] Sa halip na manatiling walang imik, ang isang lider ng mag-aaral ay malamang na tutugon at maghahanap ng solusyon.
4. [T/M] Kinakailangan na may wasto tayong pananaw sa pagpili ng karapat-dapat na lider.
5. [T/M] Ang isang mabuting lider ay isang mabuting tagasunod.

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

**#SULATRILI: Liham sa Sarili, Hangad ay Mapabuti**

Gumawa ng liham para sa sarili na naglalaman ng sariling pagninilay sa pagkilala sa sariling mga katangian. Maaari mong suriin ang sariling kakayahan, kahinaan, at mga hakbang upang mapaunlad ang sarili. Tanungin ang sarili, “May mga katangian ba ako na maging isang mabuting lider?”



</td>
<td>

B. Tamang Sagot:<br>1. T<br>2. M<br>3. T<br>4. T<br>5. T

</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |